# {Kami noon ay hindi nagtuturing ng anuman sa pangingitim at kadilawan matapos ng pagkadalisay.}

Ayon kay Ummu `Aṭīyah (malugod si Allāh sa kanya), nang nangako ito ng katapatan sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagsabi: {Kami noon ay hindi nagtuturing ng anuman sa pangingitim at kadilawan matapos ng pagkadalisay.}
[صحيح] [Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud ayon sa pagkakasambit na ito. Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy nang walang dagdag ng pariralang "matapos ng pagkadalisay"]

Nagpabatid ang Kasamahang si Ummu `Aṭīyah (malugod si Allāh sa kanya) na ang mga babae sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay hindi nagsasaalang-alang sa likido na lumalabas sa ari bilang regla, na kumikiling ang kulay nito sa kaitiman o sa paninilaw, matapos ng pagkakita ng kadalisayan mula sa regla. Kaya naman hindi sila nag-iiwan ng ṣalāh ni ayuno alang-alang doon.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee